PAHAYAGAN NG
# Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 19 NO. 16 JUNE 15 - 21, 2020 10.00

# Vacc to Normal campaign, inilunsad sa Imus

**LUNGSOD NG IMUS, Cavite (PIA) --Inilunsad ang Vacc to Normal campaign ng Grab Philippines sa bayang ito sa pangunguna ng Imus City Local Economic Investment and Promotions Office (LEIPO).**

Ang kampanya ay naglalayong mabakunahan ang mga riders ng Grab Philippines sa lungsod.

"Bilang bahagi ng Priority Group A4 o economic frontliners, nararapat na sila'y mabigyan rin ng proteksyon mula sa sakit habang sila'y araw-araw na humaharap sa banta ng COVID-19," ani Mayor Maliksi sa kanyang Facebook post.

Binigyang diin ni Mayor Emmanuel Maliksi ang kahalagahan ng inisyatibong ito upang bigyang proteksyon ang mga essential workers kasabay ng pagbabalik-sigla ng lokal na ekonomiya ng Imus.

Kasabay naman ito ng pagbabakuna sa mga senior citizens sa patuloy na pag-arangkada ng Tutok Seniors. (City Government of Imus FB Page/PIA-Cavite)


City Government of Imus

# ‘Plastik mo, gawing bigas’ project inilunsad sa Bailen



Ibinahagi ni Mayor Nelia Bencito Angeles sa social media, ang proyektong ‘Plastik mo, Gawing Bigas’ sa bayan ng General Emilio Aguinaldo (Bailen).

Ang naturang proyekto ay pinangunahan ng MENRO sa kanilang bayan na naglalayong makatulong sa kalinisan ng bayan at makapagbigay tulong sa mga mamamayan.

“Nagpapasalamat po ako sa MENRO sa pangunguna ni Ms. Leah Jean Andag para sa pagpapatuloy ng proyektong ito na hindi lamang nakatutulong sa ating mga kababayan kundi sa ating kapaligiran,” ani Angeles.

“Kaya sa halip na ating itapon kung saan-saan ang mga basura gaya ng plastik, ito'y ating ipunin at maaari nating ipalit sa bigas.”

# AYUDA DISTRIBUTION PARA SA MGA NAKA-HOME QUARANTINE, MULING UMARANGKADA SA LUNGSOD


City Government of Imus

Sa pangunguna ng Imus City Disaster Risk Reduction Management Office (CDRRMO), muling nagbahay-bahay ang Pamahalaang Lungsod upang maghatid ng ayuda sa mga naka-home quarantine na Imusen~ong positibo sa COVID-19. Hangad ng lungsod na tugunan ang pangangailangan ng mga Imusen~ong hindi makalabas ng kanilang mga tirahan habang tinitiyak ang kaligtasan ng kanilang buong komunidad. "Mula sa tala ng ating CESU, isa-isang pinuntahan ng mga kawani ng Imus CDRRMO ang mga pasyente ng COVID-19 upang matiyak ang kanilang pananatili sa loob ng tahanan, maiwasan ang makapanghawa, at matugunan ang kanilang pangangailangang medikal," ani Mayor Maliksi sa kanyang Facebook post.

# PH eyes collaboration on recycling, plastic alternative research

MANILA – The Department of Science and Technology (DOST) is currently exploring possible collaboration with the United States Department of Agriculture (USDA) Agricultural Research Service (ARS) on recycling and plastic alternative research.

"Last August 9, we had an exploratory talk with the USDA ARS to discuss areas of mutual interest and collaborative mechanisms that both institutions could undertake," said DOST Secretary Fortunato de la Peña in a taped report aired on Friday afternoon.

One of the discussions' highlights was the possibility of collaborating on recycling and plastic alternative research, an area in which de la Peña said the DOST has several ongoing types of research and projects.

"The ARS has pledged its support for the Philippines' efforts to adopt more biomaterials, owing to its extensive experience," he said.

Capacity building, knowledge transfer, webinar hosting, and cooperative research and development will be among the modalities possible for this collaboration, added the DOST chief.

The USDA ARS, as a principal scientific in-house research organization, provides scientific solutions to national and global agricultural challenges, according to de la Peña.

Present in the meeting was the Environment, Science, Technology, and Health (ESTH) officer of the US Embassy, DOST executives, and other technical staff from DOST, USDA ASR, and the US Embassy. (PNA)




ACCEPTING ADS - 0928-4682788*E-mail: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# EDITORYAL - Daming matigas ang ulo

MARAMING beses nang nagbabala ang pamahalaan sa mga pasaway o matitigas ang ulo na hindi nagsusuot ng face mask o kung nagsusuot man ay nakalabas ang bibig at ilong, pero sa kabila nito marami pa rin ang hindi sumusunod. Balewala rin kahit iniutos na ni President Duterte na arestuhin ang mga walang face masks at ikulong ng siyam na oras. Nabanas na ang Presidente kaya nag-utos na. Sabi ng Presidente, naka-face mask nga pero nakalabas naman ang bibig at ilong. Kahapon, mahigit 6,784 ang naireport ng DOH na kaso ng COVID. Bagama't bahagya nang bumababa ang bilang hindi ito dahilan para suwayin ang health protocols.

Mula nang ipag-utos ng Presidente ang paghuli sa mga pasaway, nakahuli ng 18,000 sa unang araw nang pagpapatupad. May mga binigyan ng warning, pinagmulta, at ang iba ay isinailalim sa community service. Sabi ng DILG, ipatutupad nila nang buong husay ang kautusan ng Presidente laban sa mga hindi nagsusuot ng face masks at ganundin naman sa mga mali ang paraan nang pagsusuot. Sinabi rin ng DILG na mahigpit din nilang ipatutupad ang pag-huli sa mga lumalabag sa mass gatherings.

Noong Linggo, isang resort sa Caloocan City ang lumabag sa pinag-uutos ng IATF makaraang buksan ito sa publiko. Dumagsa ang tao sa Gubat- sa Ciudad at naglunoy na walang pakialam kung dapuan man sila ng virus. Dikit-dikit sila at kumpul-kumpol. Ipinasara na ang resort at ayon sa report, hindi na ito makapagbubukas pa. Kina-suhan na rin ang may-ari ng Gubat sa Ciudad.

Ngayong nasa GCQ na ang NCR at apat na pro-binsiya, posibleng marami na naman ang maging pasaway dahil nagluluwag na. Marami na namang magkukumpul-kumpol at baka dahil dito, dumami ang magkahawaan. Sabi ng ilang eksperto kapag hindi napigilan ang pagkukumpulan na walang face masks, maaaring matulad sa India na marami ang nagkahawa-hawa at namatay.

Huwag naman sana. Makabubuting sumunod sa health protocols ang

## PINAGTAGPO NG PANDEMIC

Dear Dr. Love,

Kung perhuwisyo ang idinudulot nitong COVID 19 pandemic, may maganda ring idinulot ito sa aking buhay. Dahil sa lockdown na ipinatupad noong nakaraang taon, nakilala ko si Melba.

Nagkataong umuwi ako sa Romblon bago magpatupad ng lockdown dito sa Metro Manila. Sa Romblon ako inabutan ng pagdedeklara ng lockdown at hindi na ako nakabalik ng Maynila. Tumira ako pansamantala sa aking mga kamag-anak at dito ko nakilala si Melba na kapatid ng misis ng aking pinsan.

Pareho kaming bakasyonista ni Melba sa isang bahay at dito na-develop ang aming pag-iibigan. Siya ang pangalawang babae sa buhay ko. Ang unang kasintahan ko ay pinilit ipakasal ng mga magulang niya sa ibang lalaki. Nagka-ibigan kami ni Melba hanggang may ipagtapat siya sa akin.

Hiwalay siya sa asawa at hindi pa nagpa-file ng annulment para ipawalang-bisa ang kanilang kasal. Mayroon din silang anak ng kanyang asawa na nasa poder ng lalaki.

Nagsama kami ni Melba at nagtayo ng maliit na kubo sa lupa ng aking kamag-anak. Namasukan ako kahit helper sa isang quarry sa Romblon. Gusto naming magpakasal ni Melba pero hindi naman namin ma-afford ang halaga ng annulment. Ano ang gagawin ko?

Celo

Dear Celo,

Kailangan tala-gang maikasal kayo dahil kung hindi, hindi kalugodlugod sa Diyos ang inyong pagsasama.







*EDITOR'S NOTE:* All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

# Ang pagtatanggol sa soberenya

Lahat tayo ay tutol sa marahas na pakikipagdigma. Pero hindi naman nangangahulugan na ang pagtindig natin sa soberenya ng ating bansa ay paghahamon ng digmaan.

Mainit pa ring usapin ang pananaklaw ng mga sasak-yang pandagat ng China sa West Philippine Sea. Ngunit sa halip na sawayin ng mismong namumuno sa ating bansa, tila kinakitagan pa. Bagama't naghahain ng diplo-matic protest ang Department of Foreign Affairs na hindi naman pinapansin ng China, iba naman ang ipinahihiwatig ng Pangulo.

Aniya, dahil sa kapabayaan ng nakaraang adminis-trasyon ni Noynoy Aquino, ang China na ngayon ang nag-mamay-ari sa kabuuan ng South China Sea o West Philip-pine Sea. Maling senyales ang inihahatid ng ganyang mga pananalita ng Pangulo sa international community. Lumi-litaw na isinuko na natin sa China ang ating karapatan sa pinagtatalunang karagatan.

Nakapagtataka ito dahil ang buong mundo ay nasa ating panig, mayroong ruling ang Arbitral Tribunal ng United Nations na kumikilala na ang sinasaklaw na bahagi ng karagatan ng China ay bahagi ng ating exclusive economic zone.

Huwag nating kalilimutan na may kontrata tayong pinasok sa mga dayuhang oil companies para humango ng langis sa WPS. Ang pagsusuko ng ating karapatan sa China ay katumbas ng pagsira natin sa kontratang nabanggit.

Ang Pangulo mismo ang dapat manindigan at sabihin sa China na sa Pilipinas ang teritoryong kanilang sinasaklaw.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558

papi MEMBER


An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

ERNA M. BALAGTAS
Publisher

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# Problema sa kidney at UTI

DOC WILLIE - Dr. Willie T. Ong

Mag-ingat dahil marami ang may sakit sa kidneys. Narito ang ilang mahahalagang payo kung paano iingatan at mapapangalagaan ang ating kidneys o mga bato.

1. Ang nephrotic syndrome ay isang sakit kung saan ang isang tao ay naglalabas ng protina ang mga kidneys ng pasyente at puwedeng magmanas ang paa at mukha.

2. Kung may sakit sa kidneys, mag-ingat sa high-protein diet tulad ng Southbeach at Atkin's diet dahil ito'y magpapahirap sa trabaho ng kidneys.

3. May 2,000 Pilipino kada taon ang nangangailangan ng dialysis. Kalahati sa kanila ay walang pera para umpisahan ang dialysis.

4. Ang dialysis ay isa sa pinakamahal na gamutan. Aabot ng P3,000 bawat dialysis at P36,000 kada buwan ang gastos

5. Sa National Kidney Institute, 200 pasyente ang nag-hihintay ng kidney transplant. Ang kidney transplant ay nagkakahalaga ng P1.5 million para sa pribadong pa-syente at P500,000 sa charity case.

6. Huwag araw-arawin ang pag-inom ng pain relievers dahil ito'y makasisira ng kidneys.

7. Umiwas sa mga maaalat na pagkain at sawsawan, dahil nakasasama ito sa kidneys. Bawasan ang pagkain ng toyo, patis, bagoong, alamang at tuyo.

8. Iwasan din ang pagkain ng junk foods at sitsirya na maraming vetsin.

9. Kung mahilig sa instant noodles, bawasan ang alat (seasoning) na inilalagay dito. Kalahati lang ang ilagay para hindi mahirapan ang ating kidneys.

10. Tandaan, uminom ng walo hanggang 12 basong tubig sa maghapon para manatiling malinis ang ating ka-tawan. Kapag healthy pa, tubig ang gusto ng ating kidneys.

Marami ang may impeksyon sa ihi o Urinary Tract Infection (UTI). Narito ang ilang kaalaman sa UTI.

1. Ang simpleng UTI ay puwedeng umakyat sa kidneys at makasira nito. Puwede itong magdulot ng kidney failure na mangangailangan ng dialysis.

2. Mas madalas magkaroon ng UTI ang kababaihan dahil maiksi ang daanan ng ihi nila, hindi katulad ng mga kalalakihan.

3. Uminom ng dalawang basong tubig kada apat na oras para sa healthy kidneys. Mga walo hanggang 12 baso kada araw. Pero huwag din lalampas sa 16 na baso sa isang araw.

4. Ang tinatawag na Honeymoon Cystitis ay ang pagkakaroon ng impeksiyon sa ihi na nangyayari pagkatapos ng unang pagtatalik.

5. Pagkatapos magtalik, piliting umihi at maglinis din ng puwerta para hindi magkaroon ng impeksiyon.

6. Isa sa apat na mag-aaral sa public school ay may problema sa pag-ihi o may impeksyon sa ihi.

# GUHIT NG KAPALARAN

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Mararanasanang serendipity effect. Simulanangpag-practice ngoracion meditation. Lahatng helpful people ay darating. Huwag ma-stress. Lucky numbers at color for the day ang 25, 52, 45, 35, 12 at pearl white.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Kampisadesisyonmoangnasapaligid kung tapatmangpusosaintensiyon. Ingatananang health. Lucky numbers at color for the day ang 15, 22, 45, 53, 36 at ice blue.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Merongbagongkaranasan. Maraminghahangasaiyongmgaistratehiyasatungkulin. Lucky numbers at color for the day ang 25, 11, 36, 58 at cranberry red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Mahalinangiyong work. Maaakitangmasaganangbuhay at increasing ang income mongayon. Lucky numbers at color for the day ang 52, 45, 36, 22, 15 at lavender.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Matutupadanghinahangaddahilsakabutihanngpuso. May opportunity sa abroad. Lucky numbers at color for the day ang 15, 52, 46, 36, 25 at mocha brown.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Lahatngdesisyon ay makakaapektosa'yong future. Pag-isipanngmabutibagomagpasiya. Lucky numbers at color for the day ang 11, 51, 28, 36, 45 at blue haze.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Sundinangudyokngpagkakataon. Masaya ang effect ngtuloy-tuloynabiyaya. Happy ka. Lucky numbers at color for the day ang 53, 46, 39, 12, 22 at honey yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Lahatngdesisyon ay magdudulotngkaligayahan, magingsaiyongpamilya. Ingatlangsa bogus. Lucky numbers at color for the day ang 42, 25, 12, 35, 56 at fire red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Sikapinnahanapinang best sa'yongpagkatao. Dahilmagbubukasitongoportunidad. Lucky numbers at color for the day ang 55, 32, 21, 47, 15 at blueberry.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Maraming investor angmaaakitsaiyong invention. Nasalandasangpaggandangkabuhayan. Lucky numbers at color for the day ang 32, 22, 43, 52, 11 at mango orange.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Hindi imposibleanghinahangadnabuhay, kung iiralangmagsipagsatapatnaparaan. Magingmasinop. Lucky numbers at color for the day ang 33, 42, 53, 26, 11 at coffee brown.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Tugmasapanlasaang recipes ngiyong restaurant. Huwagmagtaka kung dadagsaangmga orders. Lucky numbers at color for the day ang 43, 25, 33, 12, 53 at dollar green.

# CROSSWORDS!!

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| L | G | N | R | T | D | W | T | F | O | H | U | K | F | X | U | L | S | D | V | X | I | T | R |
| P | U | K | Z | C | V | P | T | N | O | M | K | A | V | O | R | K | X | V | O | H | W | I | T |
| I | L | B | S | F | U | H | G | C | F | R | M | R | Z | F | H | T | G | P | O | L | T | F | E |
| K | Q | N | O | O | P | S | V | I | T | D | C | Y | O | X | Z | Y | L | L | U | E | W | O | Z |
| S | E | H | F | L | T | V | O | W | B | N | K | E | Z | P | M | V | A | W | N | Q | T | R | G |
| P | H | T | A | X | E | J | X | U | X | C | E | X | J | B | E | O | S | C | C | E | M | P | B |
| J | V | A | X | Y | T | V | F | L | Y | N | C | G | F | U | J | T | S | F | Y | N | G | V | M |
| R | X | S | M | C | C | K | I | C | A | R | B | C | E | B | B | R | A | V | H | G | R | X | F |
| M | D | F | K | V | Y | I | N | D | R | C | K | P | W | L | E | H | D | L | X | F | A | L | Q |
| C | W | D | A | M | T | E | B | I | M | N | I | R | I | L | E | H | O | T | P | Z | V | B | F |
| N | Y | R | W | Z | T | D | O | U | O | N | J | R | E | F | Y | T | H | E | I | F | I | D | D |
| S | S | Z | Q | E | W | L | K | Q | Q | L | B | C | T | T | C | F | N | P | I | I | T | J | R |
| Y | O | O | P | Y | B | R | D | I | F | H | T | N | V | C | K | A | J | I | K | N | Y | F | F |
| L | T | M | L | O | J | J | T | L | M | R | H | S | N | L | E | F | M | K | B | O | X | J | L |
| A | O | K | B | I | B | O | W | L | O | M | C | S | T | S | Z | L | R | O | Q | N | F | B | B |
| C | K | O | F | Z | D | Y | A | M | D | N | A | T | X | Y | J | C | E | T | U | W | S | X | J |
| C | Z | H | V | E | V | B | A | H | Q | T | M | S | N | H | K | K | X | R | L | N | P | J | L |
| S | S | A | U | Z | M | G | N | S | J | B | M | L | E | S | A | G | X | P | I | Y | T | J | B |
| J | J | I | S | X | N | Q | W | Z | E | G | E | Q | L | G | G | G | A | H | I | X | M | W | Y |
| S | G | U | H | E | H | W | C | D | T | A | R | E | U | N | E | R | P | E | R | T | N | E | T |
| W | U | C | T | Y | T | L | N | I | B | U | S | I | N | E | S | S | R | D | R | M | B | Q | B |
| V | S | I | J | C | P | C | K | R | Z | B | Y | I | A | E | N | F | C | O | X | W | L | V | Q |
| U | C | Q | X | P | G | V | V | T | A | P | M | U | O | C | N | F | G | Z | W | H | S | Z | V |
| V | H | G | C | Z | D | Q | H | P | I | H | S | R | U | E | N | E | R | P | E | R | T | N | E |

| | | | |
|---|---|---|---|
| spoon | pork | plate | glass |
| bowl | gas | liquid | solid |
| force | electromagnetic | gravity | entreprenuer |
| amount | business | competency | electrical |
| entrepreneurship | intelegent | profit | |



PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
In God ISSN-1656-0558 We Trust
VOL. 19 NO. 16 JUNE 15 - 21, 2020
10.00

# Bayanihan inspired community pantries sprout in Cavite

TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA) -- The Bayanihan spirit inspired by the community pantry in Maginhawa Street in Quezon City had spread like wildfire across the province with private individuals and organizations donating food to help those who are heavily affected by the quarantine.

Community pantries sprouted like mushroom in the province especially in the upland towns of Magallanes, Amadeo, and Ternate thru the efforts of Sangguniang Kabataan (SK) youth councils and other volunteers.

Fruit stand owners in the city of Tagaytay give out fruits and vegetables while a group called 'Tropang Pugon' continue to receive donations of vegetables, rice, and other food items for the weekly visit of their mobile community pantry in the different barangays in Tagaytay.

In Alfonso town, the The Sharing Table (TST) initiated by the Sahagun-Nuestro family in Barangay Sulsugin during the height of the pandemic last year was reopened. A TST will be set up in each barangay to give easy access to the residents while properly observing the minimum health protocols.

The LGU Alfonso, Liga ng mga Barangay, SK Federation, Alfonso Municipal Police Station, Samahan ng mga Barangay Kagawad, and other non-government organizations, farmers cooperative, and market vendors association in the municipality fully supported the TST.

To give back to the people for their free education as scholars, a group of students and new graduates from the Cavite State University and PUP Maragondon asked for support for contributions and donations for food items to be shared in the community pantry they set up in Barangays Halayhay and Julugan catering to fisherfolks.

"Pinag-aral kami gamit ang buwis ng taong bayan kaya oras na para magbalik ng tulong sa mamamayan," saad nila.

(We have been educated using the tax paid by the people so it's time to return the favor to them.)

Likewise, a community pantry in the City of General Trias was set up by a group of volunteers to help the local farmers of the city. A FB post by group member Xian Lozares that says "BayANIhan mula sa anihan hanggang sa hapagkainan," implied the intention of the group to help the local farmers with the purchase of their farm harvests which in turn will be shared in their community pantry.

"This way we are able to help the farmers with their livelihood and help others as well thru sharing of the farm produce," Lozares said.

Meanwhile, the stock box community pantry in the municipality of Silang put up by Marvin Garcia caught the attention of netizens with the comic tag lines that remind people to take as they need.

"We don't mean to offend anyone. So we thought of a fun way to tell them," Garcia explained.

Government agencies also joined the bandwagon of goodhearted citizens such as the BARANGAYanihan Community Pantry of the Trece Martires Component Police Station (CPS) headed by PLtCol. Jose Junar Alamo together with the Sangguniang Barangay Conchu as they gave out noodles, rice, coffee, and sardines to the residents in need.

Aside from food sharing, LTO Carmona employees distributed road safety flyers and leaflets in their Hapag Damayan Community Pantry as part of its continuing efforts to keep the road safe for all.

A notable version is the Community PlanTree of Carlo Gonzales, owner of C&K's Garden in Cavite City. His pantry offered free ornamental plants, Humic Plus Fertilizer, osmocote, hanging baskets, and even succulents to give the residents a productive and healthy hobby and keep their minds off the anxiety and depression brought by the pandemic.

The pantry was a success that he targets to have 'fruit-bearing trees' in his next Pan Tree offering. (Ruel Francisco with reports from LGU FB pages)

Sampung Libong Pag-Asa

SAMPUNG LIBONG PAG-ASA. Makatatanggap ng tig P10,000 na ayuda ang nasa 200 benepisyaryo mula sa pinakamahihirap na sektor sa 13 lugar sa buong bansa sa ngayong araw. Ito ay sa pangunguna ni dating Speaker Alan Peter Cayetano at mga kasamahan sa Balik sa Tamang Serbisyo (BTS) sa Kongreso movement.

Layunin ng programa na mabigyan ng pag-asa ang mga pamilyang Pilipino upang makabangon muli mula sa kawalan ng trabaho. Magagamit ang P10,000 Ayuda pambili ng pang-araw-araw na pangangailangan at bilang kapital sa pagtayo ng maliit na hanapbuhay.

Inihain nina Kuya Alan at ng mga kaalyado niya ang 10K Ayuda Bill noong Pebrero ngunit hanggang ngayon ay hindi pa rin ito naaaksyunan. Dahil dito, ang grupo na mismo ang nangunguna sa pagbibigay ng 10K Ayuda sa mga mamamayan dahil hindi na nila kayang maghintay.

# Yuka Saso umukit ng kasaysayan sa U.S. Open

Magiging malaking ins-pirasyon ang tagumpay ni Fil-Japanese golfing sensation Yuka Saso sa 76th US Women's Open para sa mga national athletes na lalahok sa 2021 Olympic Games at sa 31st Southeast Asian Games.

Tinalo ni Saso si Nasa Hataoka ng Japan sa kanilang playoff para sikwatin ang titulo ng US Women's Open sa The Olympic Club sa San Francisco, California.

Ipinasok ng 2018 Asian Games double gold meda-list ang isang 10-foot birdie sa ikatlong playoff hole para ungusan si Hataoka at maging kauna-unahang Pinoy golfer na nagwagi sa isang major tournament kagaya ng US Open.

"I don't know what's happening in the Philippines right now, but I'm just thankful that there's so many people in the Philippines cheering for me," wika ni Saso, isang two-time PSA Athlete of the Year awardee at dalawang beses nanalo sa Japan tour.

Bukod sa US$1 million (halos P48 milyon) paycheck ay tumanggap din si Saso ng isang five-year exemption sa LPGA

Kinailangan ni Saso na bumangon mula sa naunang double bogeys para pumalo ng two-over par 73 sa final round at lampasan si Lexi Thompson patungo sa kanilang playoff ni Hataoka.

Nakiisa rin si Sen. Bong Go, ang chairman ng Senate Committee on Sports, sa mga bumati kay Saso.

"She is the first Filipino to win a major golf competition. At the young age of 19, she brings hope and inspiration to many of our young countrymen and women," wika ni Go. "Nagpapasalamat ako at humahanga kay Yuka sa kanyang galing at patuloy na pagbibigay ng karangalan sa ating bansa."

Kumpiyansa rin ang Senador na may mga atleta ring mananalo sa 2021 Tokyo Olympics at sa Vietnam SEA Games.



Yuka Saso Unang pilipinong nanalo ng major tournament

